Australian Government
Medicare Australia

medicare

Medicare

Ano ang Medicare?

Ang Medicare ay isang programang pinapangasiwaan ng Medicare Australia na tumitiyak na ang lahat ng mga Australyano ay may makukuhanang libre o mababang halagang pangangalagang pang-medikal, pang-optometriko at pang-ospital, habang libre rin sa pagpili ng pribadong mga serbisyong pangkalusugan.

Nagdudulot ng makukuhanan ang Medicare sa:

- libreng panggagamot bilang pampublikong (Medicare) pasyente sa pampublikong ospital
- libre o tinustusang panggagamot ng mga nagpapraktis tulad ng mga doktor kasama ang mga espesyalista, kalahok na mga optometrista at mga dentista (tinutukoy na mga serbisyo lamang).

Ang sistema ng pampublikong ospital ng Australya ay magkasamang pinondohan ng Pamahalaan ng Australya at mga pamahalaan ng estado at teritoryo at pinamamahalaan ng mga kagawaran sa pangkalusugan ng estado at teritoryo. Ang pataw o ambag ng iyong Medicare sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay batay sa iyong kita at kinukuha sa pamamagitan ng mga buwis.

Ang Medicare ay pinamamahalaan ng Medicare Australia sa pamamagitan ng kaugnayan nitong mga tanggapan ng Medicare at iba pang mga tagaserbisyo sa impormasyon at paghahabol.

Ang natatanggap mong mga benepisyo mula sa Medicare ay batay sa talaan ng mga babayarang itinatakda ng Pamahalaan ng Australya. Maaaring piliin ng mga doktor na maningil nang higit pa kaysa sa babayarang nasa talaan.

Ako ba ay karapat-dapat?

Kung nakatira ka saanmang lugar sa Australya ikaw ay karapat-dapat para sa Medicare kung mayroon kang:

- pagkamamamayan ng Australya
- visa ng pagiging permanenteng residente
- pagkamamamayan ng New Zealand
- aplikasyon sa alinmang mga visa para sa ilang maging permanenteng residente at may-hawak na
    - may-bisang visa na may pahintulot upang magtrabaho sa Australya, o
    - may-bisang visa na may magulang, asawa o anak na mamamayan ng Australya o mayroong katayuang permanenteng residente.

Tandaan: Ang Norfolk Island ay hindi kalahok sa programa ng Medicare. Ang mga mamamayan ng Australya na nakatira sa Australya at lumipat sa Norfolk Island ay magiging karapat-dapat para sa Medicare sa mga balik-pagbisita nang hanggang limang taon.

Maaaring hindi ka karapat-dapat sa Medicare kung ikaw ay:

- mayroong kasalukuyang aplikasyon na parent visa na isinasaalang-alang o mayroong kasalukuyang aplikasyon sa protection visa at nag-apply noon para sa parent visa
- mayroong pansamantalang visa para sa inaasahang kasal (fiancé—subclass 300). Hindi ka karapat-dapat sa Medicare hanggang hindi tinatanggap ng Department of Immigration and Citizenship (DIAC) ang aplikasyon mo sa visa ng permanenteng residente.

Ano ang saklaw ng Medicare?

Nagbibigay ang Medicare ng mga benepisyo para sa hanay ng mga serbisyong sa-labas- ng-ospital at sa-ospital.

Mga serbisyong sa-labas-ng-ospital

Kasama sa mga serbisyong nagbibigay ng benepisyo ay ang:

- mga kabayaran para sa pagpapakonsulta sa mga doktor at espesyalista
- mga pagsusuri at eksaminasyon ng mga doktor na kinakailangan upang magamot ang mga karamdaman, kasama ang mga x-ray at pagsusuring patolohiya
- mga pagsusuri sa mata na isinasagawa ng mga optometrista
- karamihan ng mga pag-oopera at iba pang mga pamamaraan ng panggagamot na isinagawa ng mga doktor
- ilang mga pamamaraan ng pag-oopera na isinagawa ng inaprubahang mga dentista
- mga tinukoy na bagay sa ilalim ng Palatuntunang Hiwang Labi at Ngalangala (Cleft Lip and Cleft Palate Scheme).

Maaari kang pumili ng doktor na gagamot sa iyo para sa naidulot na mga serbisyong sa- labas-ng-ospital. Upang makapagpatingin sa espesyalista kailangan mo ng pagsangguni mula sa doktor (espesyalista o pangkalahatang praktis). Kung wala kang balidong pagsangguni maaaring hindi ka makatanggap ng mga benepisyo ng Medicare o maaaring makatanggap lamang ng binawasang halaga. Hindi mo kailangan ang pagsangguni para komunsulta sa isang optometrista.

Kadalasang binabayaran ng Medicare ang **85 porsyento** ng babayarang nasa talaan para sa mga serbisyong sa-labas-ng-ospital maliban sa mga serbisyo ng pangkalahatang praktis.

Mga serbisyong sa-ospital

Sa Australya may mga ospital na pinopondohan ng gobyerno, kilala bilang mga pampublikong ospital at mayroon din mga pampribadong ospital.

Pampublikong pasyente

Kung pinili mong ma-ospital bilang pampublikong (Medicare) pasyente sa pampublikong ospital, makakatanggap ka ng panggagamot sa mga doktor at espesyalistang hinirang ng ospital. Hindi ka sisingilin para sa pangangalaga, panggagamot o pangangalaga pagkatapos ng panggagamot ng doktor na tumingin sa iyo.

Pribadong pasyente

Kung ikaw ay pribadong pasyente sa pampubliko o pampribadong ospital, mayroon kang mapagpipiliang doktor na gagamot sa iyo. Babayaran ng Medicare ang **75 porsyento** ng Tinakdang babayaran ng Medicare para sa mga serbisyo at pamamaraan na ibinigay ng mga doktor na tumingin sa iyo. Kung mayroon kang pampribadong paseguro sa pangkalusugan, ang ilan o lahat ng natitirang bayarin ay maaaring masaklaw. Masisingil ka para sa akomodasyon sa ospital, pangangalaga ng nars at mga bagay tulad ng mga kabayaran sa silid at gamot. Maaari ka ring masingil para sa kaugnay na mga serbisyong pangkalusugan tulad ng pisyoterapiya. Ang pampribadong paseguro sa pangkalusugan ay makakatulong na masaklaw ang mga gastusing ito.

Pribadong Segurong Pangkalusugan

Sa Australya mayroong hanay ng mga tagaseguro sa pangkalusugan at iba't ibang mga uri na saklaw sa pangkalusugan.

Nag-aalok ang Pamahalaang Australya ng diskwentong hanggang 30 porsyento ng halaga ng karamihang mga uri ng pribadong segurong pangkalusugan at habambuhay na saklaw sa pangkalusugan upang mabigyang pabuya ang mga tao na kumukuha ng paseguro at pinananatili ito. Kapag pumunta ka sa ospital o inoperahan ka nang uwian, mayroon ding ilang mga kaayusan kung saan ang mga serbisyo ng doktor ay masasaklaw ng iyong pasegurong pang-ospital na walang puwang na babayaran.

Kung kumikita ka nang mas malaki sa itinakdang halaga, magbabayad ka ng mas mataas na koleksyon ng Medicare kung wala kang pribadong pasegurong pang-ospital.

Paano ako magpapatala sa Medicare?

Kailangang magpatala ka sa Medicare nang personal sa tanggapan ng Medicare. Kung nakatira sa malayong lugar, o may tunay na mga dahilan na hindi ka makapunta sa tanggapan ng Medicare, maaari mong ipadala sa koreo ang iyong aplikasyon, kasama ang orihinal o pinagtibay na mga kopya ng iyong mga papeles at ang mga dahilan mo kung bakit hindi makapunta nang personal, sa GPO Box 9822 sa iyong kabisera. Kailangan kang makapagpakita ng pasaporte o papeles sa paglalakbay para sa bawat taong itinatala sa Medicare.

Ang mga migrante at aplikante para sa katayuang permanenteng residente (kasama ang mga aplikante para sa permanenteng protection visa) ay kailangan magpakita ng ilang kaukulang papeles.

- Para sa mga migrante (ang mga may hawak ng permanenteng pagiging residente)—pasaporte at balidong visa.
- Para sa mga aplikante para sa permanenteng pagiging residente—pasaporte, balidong visa at anumang nauugnay na mga papeles mula sa Department of Immigration and Citizenship.

Inirerekomendang maghintay ka ng **isang linggo pagkadating mo** sa Australya bago magpatala upang mabigyan ng panahon ang Medicare na matanggap ang mga detalye ng iyong visa mula sa Department of Immigration and Citizenship.

Tutulungan ka ng opisyal ng serbisyo ng Medicare upang magpatala. Kung kailangan mo ng tulong sa wika, maaaring gumawa ng mga kaayusan ang opisyal ng serbisyo ng Medicare o maaari kang tumawag sa Serbisyo sa Pagsasaling-Wika (Translation and Interpretation Service o TIS) sa **131 450***.

Mga mamamayan ng New Zealand

Kung ikaw ay mamamayan ng New Zealand na humihiling ng pagpapatala bilang permanenteng residente, kailangan mong magdala ng:

- pasaporte ng New Zealand na may tatak ng pagpasok ng Department of Immigration and Citizenship sa Australya
- mga papeles na nagpapatunay na pinutol mo na ang pakikipag-ugnayan sa New Zealand o nagpapatunay ng iyong pagiging residente sa Australya, at ang dalawang ito sa ilang mga kaso.

Kung hindi posible upang mapatunayan ang pagiging residente, ang mga mamamayan ng New Zealand na naninirahang matagal sa New Zealand bago nagpunta sa Australya ay karapat-dapat sa kinakailangang medikal na panggagamot sa ilalim ng Mga Kasunduan sa Palitan ng Pangangalaga sa Kalusugan. Kasama nito ang pagpapagamot bilang pampublikong pasyente sa pampublikong ospital, mga serbisyong labas sa ospital na pasyente at mga niresetang gamot na inilalaan sa ilalim ng Palatuntunan sa Benepisyo ng Gamot. Ang mga karapat-dapat na tao sa ilalim ng kasunduang ito ay hindi itinatala sa programa ng Medicare.

Mga bagong panganak na sanggol

Upang mapadali ang proseso para sa pagpapatala ng bagong panganak na bata, maaaring matulungan ng ospital ang mga bagong magulang na punuan ang pormularyo na ipapadala sa Medicare. Ang mga sanggol na nakatala sa Medicare ay awtomatikong nakarehistro rin sa Rehistro ng Imunisasyon mula sa Pagkabata ng Australya.

Ang mga mamamayang Australyano na nagbalik mula sa ibayong dagat

Kung ikaw ay mamamayan ng Australya na nagbabalik sa Australya pagkatapos mangibang-bayan nang higit pa sa limang taon, kailangan mong magpakita ng:

- pagpapatunay ng iyong pagiging mamamayan ng Australya

- mga papeles upang masuportahan ang iyong pagiging residente sa Australya o ang pagputol mo ng pakikipag-ugnayan sa dating bansang tinirhan, at ang dalawang ito sa ilang mga kaso.

Kailan ko matatanggap ang numero ng aking Medicare kard?

Kung natugunan mo ang lahat ng mga kinakailangan sa pagpapatala, ibibigay sa iyo ang numero ng iyong Medicare kard sa pagpapatala mo. Maaari mong magamit itong numero hanggang dumating ang iyong Medicare kard. Ipapadala sa iyo sa koreo ang iyong Medicare kard sa loob ng 10 may-opisinang araw. Kapag natanggap mo ang iyong Medicare kard, suriin ang mga detalye upang matiyak na tama ang impormasyon.

Ang pagkakaroon ng balidong Medicare kard ay mahalaga—tiyaking palaging mayroong kasalukuyang tirahan mo ang Medicare upang makatanggap ka ng kapalit na mga Medicare kard at iba pang mahahalagang impormasyon.

Dalhin ang iyong Medicare kard o ang numero ng kard kapag:

- nagpatingin ka sa doktor
- naghabol ka ng benepisyong bayad sa tanggapan ng Medicare
- may mga katanungan sa paghahabol
- gusto mong magpagamot sa ospital bilang pampublikong (Medicare) pasyente
- pinapupunan mo ang reseta sa parmasyutika.

Paano ako maghahabol sa Medicare?

Mayroong iba't ibang mga paraan na maaari kang maghabol ng iyong benepisyo mula sa Medicare.

Sa klinika ng iyong doktor

Marami ng mga doktor ngayon ang nag-aalok ng elektronikong paghahabol sa Medicare, na pinapayagan ang paghahabol ng benepisyo ng iyong Medicare sa elektronikong pamamaraan mula sa klinika ng iyong doktor.

Kung nag-aalok ang iyong doktor ng elektronikong paghahabol sa Medicare, maaaring asikasuhin ng kawani ng klinika ang iyong paghahabol sa Medicare sa pamamagitan ng may seguridad na koneksyon sa internet o sa pamamagitan ng EFTPOS terminal ng klinika gamit ang iyong EFTPOS kard.

Ihuhulog ang benepisyo mo sa iyong account sa bangko sa loob ng tatlong may-opisinang araw, depende sa sistema ng paghahabol na ginagamit ng iyong doktor.

Maaari mong irehistro ang mga detalye ng iyong account sa bangko sa Medicare Australia upang mas mapadali ang elektronikong paghahabol sa Medicare. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng pagpupuno ng pormularyo sa Pagkolekta ng mga detalye ng bank account sa likod ng seksyon na ito, sa tanggapan ng Medicare, sa **www.medicareaustralia.gov.au** o sa pamamagitan ng pagtawag sa **132 011***. Mahalaga ring may tamang numero ng Medicare at mga detalye ng tirahan mo ang iyong doktor.

Bultuhang Paniningil

Ang bultuhang paniningil ay ginagamit kung ang iyong doktor ay direktang sumisingil sa Medicare, ang pagtanggap ng mga benepisyo ng Medicare bilang kabuuang kabayaran para sa serbisyo. Kung naningil nang bultuhan ang iyong doktor, hindi ka maaaring masingil para sa mga karagdagang bagay tulad ng kabayaran para sa pagpapalista, kabayaran sa administration, pagtatago ng tala o mga benda. Gayunpaman, maaaring may mga karagdagang pagsingil para sa ilang mga bakuna.

Hindi ka na kailangang maghabol sa Medicare dahil direktang sisingilin ng iyong doktor ang Medicare.

Mga tanggapan ng Medicare

Ang Medicare ay may 239 na mga tanggapan sa buong Australya kung saan maaaring maghabol nang alin man sa dulugang-mesa o paggamit ng hulugang-kahon ng Medicare. Maaaring hindi mo kailanganing punuan ang pormularyo ng paghahabol kapag naghahabol sa tanggapan, tiyakin lang na dala mo ang iyong resibo at Medicare kard. Kapag naghabol ka sa tanggapan maaari mong makuha ang iyong benepisyo nang cash o electronikong ililipat sa iyong account.

Sa pamamagitan ng koreo

Maaari mong maipadala ang iyong kinumpletong pormularyo ng paghahabol, kasama ang mga orihinal na kwenta at resibo sa:

Medicare Australia
GPO Box 9822
sa iyong kabisera

Huwag mong ipadala ang iyong Medicare kard kapag maghahabol ka sa pamamagitan ng koreo. Makukuha ang mga pormularyo mula sa **www.medicareaustralia.gov.au** o saanmang tanggapan ng Medicare. Kapag naghabol ka sa pamamagitan ng koreo makukuha mo ang iyong benepisyo nang electronikong paglilipat sa iyong account sa bangko o ipadadala sa iyo ang isang tseke.

Telepono

Tumawag sa **1300 360 460***, ibigay ang iyong mga detalye sa paghahabol at pagkatapos ipadala ang iyong resibo at mga kwenta sa:

Medicare Australia
GPO Box 9822
sa iyong kabisera

Hindi kailangan ang pormularyo sa paghahabol. Sisimulan ng Medicare na iproseso ang iyong paghabol habang pinapadala mo sa koreo ang mga papeles. Sa sandaling mapatunayan ang mga ito, maibabayad na ang kabayaran. Maaari kang tumawag sa **1300 360 460***, 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo. Kapag naghabol ka sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono mababayaran nang electronikong paglilipat ang iyong paghabol sa iyong account sa bangko o ipapadala sa iyo ang isang tseke.

Mga Makukuhanan ng Tulong sa Medicare

Ang mga taong naninirahan sa lalawigan at mga malayong komunidad ay may mapaggagamitang Mga Access Point ng Medicare Australia. Ang mga Makukuhanan ng Tulong ay may mga maliit na pwesto kung saan maaari kang makipag-usap sa opisyal ng serbisyo ng Medicare sa telepono at nasa mga parmasyutika, mga centre para sa transaksyon sa lalawigan at ilang mga tindahan. Upang maghabol, makikipag-usap ka sa service operator ng Medicare sa telepono na kukuha ng lahat ng iyong mga detalye at sisimulang maiproseso ang iyong paghahabol. Pagkatapos ay ipapadala mo ang iyong mga papeles sa Medicare at sa sandaling mapatunayan ang iyong mga papeles, gagawin ang pagbabayad. Kapag naghabol ka sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa Access Point, maibabayad nang electronikong paglilipat ang iyong benepisyo sa iyong account sa bangko o ipapadala sa iyo ang isang tseke.

Tulad ng paghahabol ng iyong benepisyo, maaari mo ring gamitin ang Mga Access Points upang:

- humingi ng kopya ng pahayag buwis ng benepisyo ng iyong Medicare
- mag-update ng mga detalye ng iyong Medicare
- magparehistro sa Rehistro para sa Donor ng Organ sa Australya
- makakuha ng tulong sa mga pagbabayad ng Tulong sa Pamilya
- makakuha ng impormasyon tungkol sa iba pang mga programa ng Medicare Australia.

Maaari mong makita ang lokasyon ng mga kinalalagyan ng Mga Access Point sa **www.medicareaustralia.gov.au**

Medicare two-way

Pinapayagan ka ng Medicare two-way na magsalang ng mga form sa paghahabol ng iyong Medicare sa kalahok na mga pribadong pondong pangkalusugan at magsalang ng mga form sa paghahabol ng iyong pampribadong pondong pangkalusugan sa mga tanggapan ng Medicare. Ipapasa ang mga form ng paghahabol sa nauugnay na samahan upang maiproseso. Kung naghabol ka sa pamamagitan ng Medicare two-way, elektronikong mababayaran ang iyong benepisyo sa account mo o ipapadala sa iyo ang isang tseke.

Ano ang Medicare Safety Net?

Kung kailangan mong magpatingin sa doktor o may mga regular na pagsusuri maaaring magkaroon ka ng mataas na mga gastusing pangmedikal sa huli. Ang Medicare Safety Net ay idinisenyo upang matulungan ka sa panahong higit mo itong kailangan. Sa sandaling maabot mo ang Medicare Safety Net threshold, ang mga pagbisita sa iyong doktor o ang pagpapasuri ay maaaring magtapos na maging mas mababa ang gastos para sa iyo.

Sinasaklawan ka ng Medicare Safety Net para sa **mga gastusin- sa-labas ng ospital**. Ang mga serbisyo na nakuha mo sa ospital o bultohang nasingil ay hindi saklaw ng Medicare Safety Net.

Kailangan ko bang magparehistro?

Ang mga indibiduwal ay awtomatikong nakarehistro—panatiliin lang sa Medicare na napapanahon ang iyong mga detalye sa contact.

Ang lahat ng **mga pamilya at mag-asawa** ay kailangang magparehistro. Kahit na nakalista ang lahat ng iyong pamilya sa iyong Medicare kard, kailangan mo pa ring magparehistro para sa Medicare Safety Net.

- Ang bawat miyembro ng pamilya ay kailangang matukoy upang ang kanilang mga gastusing pangmedikal- sa-labas ng ospital ay maibibilang sa Medicare Safety Net ng iyong pamilya.
- Isang beses mo lamang kailangang iparehistro ang iyong pamilya.
- Libre ang pagpaparehistro.

Tandaan: para sa mga layunin ng Medicare Safety Net, ang pamilya ay binubuo ng:

- mag-asawang legal na kasal at hindi hiwalay, o ang mag-asawang nagsasama na mayroon o walang umaasang mga anak, o
- nag-iisa ngunit may mga anak.

Paano ako magpaparehistro?

Maaari kang magrehistro:

- sa pamamagitan ng pagpupuno sa form na nakalakip sa paketeng ito
- nang personal—sa tanggapan ng Medicare
- sa telepono—tumawag sa **132 011***
- nang online—**www.medicareaustralia.gov.au**

Paano ko malalaman kung malapit na ako sa threshold?

Makikipag-ugnay sa iyo ang Medicare kapag malapit ka na sa threshold. Upang matingnan ang balanse ng iyong Medicare Safety Net:

- bisitahin ang **www.medicareaustralia.gov.au/online**

- bisitahin ang iyong lokal na tanggapan ng Medicare.
- tumawag sa**132 011***

Ano ang mga benepisyo para sa akin?

Bilang halimbawa, kung naabot mo ang Medicare Safety Net threshold at pagkatapos nagpatingin ka sa iyong doktor na siningil ka ng $65, matatanggap mo ang iyong benepisyo sa Medicare benefit ng $34.30. Makakatanggap ka rin ng 80 porsyento ng iyong mga galing-sa-bulsang gastos, na nagbibigay ng sobrang $24.60 sa iyong bulsa. Kaya sa halimbawang ito, gagastos ka lamang ng $6.10 upang magpatingin sa iyong doktor.

Mga Medicare Safety Net threshold magmula pa noong Enero 2011

Threshold	Para kanino	Paano ito kinakalkula	Benepisyo sa iyo
$399.60†	• Lahat ng mga may hawak ng Medicare kard	Batay sa halaga ng puwang	100% ng nakatakdang kabayaran
$578.60†	• Mga may hawak na konsesyon kard ng Commonwealth • Mga pamilyang nakakatanggap ng FTB(A)	Mga labas-sa-bulsang gastos	80% ng mga labas-sa-bulsang gastos para sa mga serbisyo sa labas ng ospital
$1157.50†	• Lahat ng mga nagmamay-ari ng Medicare kard	Mga labas-sa-bulsang gastos	80% ng mga labas-sa-bulsang gastos para sa mga serbisyo sa labas ng ospital

† Ang kwentadang ito ay naisa-ayos ayon sa Consumer Price Index (CPI) tuwing ika- 1 ng Enero ng bawat taon.

Labas-sa-bulsang gastos (Out-of-pocket costs) — ang pagkakaiba sa pagitan ng benepisyo ng Medicare, at kung ano ang sinisingil sa iyo ng doktor.

Halaga ng puwang (Gap amount) — ang pagkakaiba sa pagitan ng benepisyo ng Medicare at ng kabayaran sa serbisyong ibinigay.

Nakatakdang kabayaran (Schedule fee) — kabayaran sa serbisyong ibinigay ng pamahalaan ng Australya.

Anong mga serbisyo ang kasama sa bilangan ng Safety Net?

Ang ilang mga halimbawa ng mga serbisyo na kasama sa bilangan ng mga gastusin sa Safety Net ay:

- Pangkalahatang Praktis at mga pagkonsulta sa espesyalista
- mga ultrasound
- psychiatry
- mga CT scan
- radiotherapy
- tissue biopsy
- mga MRI
- mga pagsusuri ng dugo
- mga x-ray

- mga pap smear.

Impormasyon para sa mga lolo't lola at mga tagapag-alaga

Maaari ba akong maghabol ng mga gastusing pangmedikal na binayaran ko para sa inaalagaan kong bata?

Oo, bilang lolo't lola o tagapag-alaga maaari kang maghabol ng mga benepisyo ng Medicare para sa mga gastusing pangmedikal na binayaran mo para sa batang inaalagaan—ang kailangan mo lang gawin ay ipakita ang iyong kwenta sa Medicare upang makakolekta ng benepisyo.

Kailangan ko bang maiparehistro ang bata sa aking Medicare kard upang maghabol?

Hindi, hindi mo kailangang ipatala ang bata sa iyong Medicare kard upang maghabol para sa mga gatusing pangmedikal na binayaran mo.

Maaari ko bang idagdag ang bata sa aking Medicare kard?

Kailangang nakatala ang bata sa Medicare at nakarehistro sa Medicare kard. Gayunpaman, hindi mo kailangang dala ang kanilang Medicare kard upang mahabol ang benepisyo. Maaaring tawagan ng doktor ang linyang pantanungan ng Medicare Australia sa **132 150*** at hingin ang numero ng Medicare kard ng bata at gamitin ito sa paghabol ng bultuhang pagsingil. Kung nagbigay ang doktor ng kwenta, matutulungan kang maghabol ng opisyal ng serbisyo sa lokal na tanggapan mo ng Medicare.

Maaari ko bang idagdag ang bata sa aking Medicare kard?

Ang mga lolo't lola at tagapag-alaga ay maaaring humiling na makopya ang bata/mga bata sa kanilang Medicare kard, bagamat kailangang magbigay ng mga papeles upang masuportahan ang kanilang kahilingan. Ang mga papeles mula sa Korte at kaugnay na Department of Community Services ng estado ay maaaring gamitin para mapatunayan na ang bata/mga bata ay nasa nakatalagang pangangalaga.

Ang bata ay hindi maaaring tanggalin mula sa Medicare kard ng magulang na walang pahintulot ng magulang. Gayunpaman, kapag ang bata ay nasa pangunahing pangangalaga ng isang tao bukod sa magulang, maaaring nakatala sila sa Medicare kard ng taong iyon o nakatala sa sarili nilang Medicare kard kapag narating na nila ang edad na 15 taon.

Maaari ko bang idagdag ang bata sa pagpaparehistro ng aking Medicare Safety Net?

Mahalagang malaman na ang Medicare Safety Net ay may ilang mga limitasyon tungkol sa kung ang bata ay maaaring mairehistro sa ilalim ng pagpaparehistro ng Medicare Safety Net ng lolo't lola. Ang bata ay maaari lamang mairehistro sa pinakasagad na ang dalawang pagpaparehistro ng Medicare Safety Net.

Kung ang mga magulang ay may dalawang magkahiwalay na mga pagpaparehistro at nakarehistro sa bawat isa ang bata, hindi na maaaring mairehistro ang bata sa pagpapaprehistro ng Medicare Safety Net ng lolo't lola.

Sa dahilang may ilang iba't ibang mga sitwasyon, dapat makipag-ugnay ang lolo't lola sa Medicare upang makumpirma ang kanilang pagiging karapat-dapat sa pagpapadagdag ng kanilang apo sa kanilang Medicare kard at/o pagpaparehistro ng Medicare Safety Net.

listahan ng Buod

Gamitin anglistahang ito upang makatiyak na alam mo ang lahat ng tungkol sa Medicare.

- Tumawag sa **132 011*** upang malaman kung anong mga papeles ang kailangan mong dalhin kapag nagpatala ka.
- Sagutan ang form sa pagpapatala na makukuha mula sa iyong lokal na tanggapan ng Medicare, **www.medicareaustralia.gov.au** o sa pamamagitan ng pagtawag sa **132 011***.

- Kung ikaw ay migrante o aplikante para sa katayuang permanenteng residente (kabilang ang mga aplikante para sa permanenteng protection visa) kailangan mong maghintay ng isang linggo pagdating mo sa Australya bago magpatala sa Medicare. Tandaan na dalhin ang iyong pasaporte o papeles sa paglalakbay kapag magpapatala.
- Para sa mga sanggol na bagong panganak, tutulungan ka ng ospital na maipatala mo ang iyong anak sa Medicare.
- Sa kauna-unahan mong matanggap ang Medicare kard, suriin ang lahat ng mga detalye upang matiyak na tama ang impormasyon.
- Sirain ang iyong lumang Medicare kard kapag natanggap mo na ang bago.
- Tandaan na dalhin ang iyong Medicare kard (at iyong konsesyon kard kung mayroon ka) kapag nagpatingin ka sa doktor, pumunta sa ospital o pinupunan ang reseta sa isang parmasyutika.
- Sabihan ang Medicare kung nagbago ka ng iyong tirahan upang matiyak na natanggap mo ang kapalit na mga Medicare kard at iba pang mahahalagang impormasyon.
- Irehistro ang iyong pamilya para sa Medicare Safety Net gamit ang form sa kit na ito, sa tanggapan ng Medicare, o sa **www.medicareaustralia.gov.au**—ito ay kakaiba sa pagpapatala sa Medicare.
- Irehistro ang mga detalye ng iyong account ng bangko sa Medicare Australia upang magamit mo ang kagyat na paghahabol.
- Kapag pumunta sa espesyalista, tiyaking kumuha ka ng pagsangguni mula sa espesyalista o pangkalahatang praktis at dalhin mo ito.
- Tandaang tingnan ang mga kasunduan sa palitan ng pangangalaga sa kalusugan at kung ano ang kailangan mong paseguro kapag naglalakbay sa ibayong dagat.

Para sa karagdagang impormasyon sa Medicare

Online **www.medicareaustralia.gov.au**

Email **medicare@medicareaustralia.gov.au**

Sumulat sa **Medicare Australia**
GPO Box 9822
sa iyong kabisera

Tumawag sa **132 011***

TTY **1800 552 152**** (Sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)

TIS **131 450*** (Serbisyo ng salinwika at interpreter)

*May mga singil sa pagtawag.

**May mga singil sa pagtawag mula sa mobile at mga pay phone lamang.

1577_18c.20.01.11